

Ang Panginoong Hesu-Kristo ay sigurado na babalik sa mundong ito sa lalong madaling panahon, ayon sa Kanyang pangako na matagal nang ibinigay (Juan 14:1-3). Marahil ay itinanong mo na sa iyong sarili, "Paano natin masisiguro ang Kanyang pagbabalik?" Tingnan natin ang mga palatandaan na sinabi mismo ng Panginoong Hesus na mangyayari bago ang Kanyang pagbabalik. Sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa ng Salita ng Diyos at paghahambing nito sa mga pangyayari sa ating mundo ngayon, malinaw na lumalabas na ang Panginoong Hesus ay tunay na magbabalik sa ating panahon.

1 ANG PAGKAWASAK NG TEMPLO

Lumabas si Jesus sa Templo. Paalis na siya nang lumapit ang mga alagad at itinuro sa kanya ang mga gusali ng Templo. 2 Sinabi niya sa kanila, "Nakikita ba ninyo ang mga gusaling iyan? Tandaan ninyo! Darating ang araw na wala riyang matitirang bato sa ibabaw ng isa pang bato. Lahat ay iguguhol!" (Mateo 24:1-2, Marcos 13:1-2, Lucas 21:5-6). **Ito ay nangyari noong A.D. 70.**

2 MGA TANDA NG MULING PAGBABALIK

Habang nakaupo si Jesus sa Bundok ng mga Olibo, sa may tapat ng Templo, palihim siyang tinanong nina Pedro, Santiago, Juan at Andres, "Kailan po ba mangyayari ang mga bagay na ito, at ano po ba ang palatandaan na ang lahat ng mga ito'y malapit nang maganap?" (Mateo 24:3, Marcos 13:3-4, Lucas 21:7).

3 SUSULPOT ANG MGA MANLOLOKO

Sinabi sa kanila ni Jesus, "Mag-ingat kayo upang hindi kayo malinlang ninuman. Maraming darating at gagamitin ang aking pangalan. Sila ay magpapanggap na sila ang Cristo, at ililigaw nila ang marami." (Mateo 24:4-5, Marcos 13:5-6, Lucas 21:8).

4 DIGMAAN AT MGA ALINGAWNGAW NG MGA DIGMAAN

Huwag kayong matatakot kung makabalita man kayo ng mga digmaan at mga himagsikan. Dapat munang mangyari ang mga iyon subalit hindi kaagad darating ang wakas." (Mateo 24:6, Marcos 13:7, Lucas 21:9).

5 BANSA LABAN SA BANSA | MGA LINDOL | MGA SALOT | MGA SAKIT

At-sinabi pa niya, "Maglalaban-laban ang mga bansa at ang mga kaharian. Magkakaroon ng malalakas na lindol, taggutom at mga salot sa iba't ibang dako. May lilitaw na mga kakaibang bagay at mga kakila-kilabot na kababalaghan buhat sa langit. (Mateo 24:7, Marcos 13:8, Lucas 21:10-11).

6 Ang lahat ng mga ito'y pasimula pa lamang ng mga paghihirap na tulad sa isang babaing nanganganak. (Mateo 24:8, Marcos 13:8).

7 PAGUUSIG SA MGA CRISTIANO

Ngunit bago mangyari ang lahat ng ito, dadakpin muna nila kayo at uusigin. Dadalhin nila kayo sa mga sinagoga at mga bilangguan, at dahil sa aking pangalan ay ihaharap kayo sa mga hari at mga gobernador. Magbibigay sa inyo ito ng pagkakataon upang magpatotoo. (Mateo 24:9, Marcos 13:9, Lucas 21:12-13).

8 Ipanatag ninyo ang inyong kalooban at huwag isipin kung paano ninyo ipagtatanggol ang inyong sarili. 15 Sapagkat ako ang magkakaloob sa inyo ng sasabihin at karunungan na hindi matututulan o mapabubulaanan ng lahat ng mga sumasalungat sa inyo. (Marcos 13:11, Lucas 21:14-15).

9 IPAGKANULO NG MGA MAHAL SA BUHAY

"Ipagkakanulo kayo kahit ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang ilan sa inyo. Kapopootan kayo ng lahat dahil sa akin, ngunit hindi kayo malalagasan kahit isang hibla ng buhok. Sa inyong pagtitiis ay maililigtas ninyo ang inyong buhay." (Mateo 24:9-10, Marcos 13:12-13, Lucas 21:16-19).

10 PAG-IBIG AY LALAMIG

Lalaganap ang kasamaan, kaya't manlalamig ang pag-ibig ng marami. Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas. (Mateo 24:12-13)

11 Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balitang ito tungkol sa kaharian ng Diyos upang magsilbing patotoo sa lahat ng mga bansa. At saka darating ang wakas." (Mateo 24:14, Marcos 13:10).

12 ANG KASUKLAMSUKLAM NA PANINIRA SA HERUSALEM

Kapag nakita ninyong napapaligiran na ng mga sundalo ang Jerusalem, malalaman ninyong malapit na itong mawasak. (Lucas 21:20). "Nagsalita si Propeta Daniel tungkol sa kasuklam-suklam na darating na magiging dahilan ng pag-iwan sa templo. (Kayong mga bumabasa, unawain ninyo itong mabuti!) Kapag nakita na ninyong nasa loob na ito ng templo, ang mga nasa Judea ay dapat nang tumakas papunta sa kabundukan. Ang nasa labas ng bahay ay huwag nang pumasok para kumuha ng anumang gamit. Ang nasa bukid ay huwag nang umuwi para kumuha ng damit. (Mateo 24:15-18; Marcos 13:14-16; Lucas 17:31 ; 21:21) . Kawawa ang mga nagdadalang-tao at ang mga nagpapasuso sa mga araw na iyon dahil magkakaroon ng malaking kapighatian sa lupaing ito at darating ang pagpaparusa ng Diyos sa bansang ito. (Mateo 24:19-20; Marcos 13:17-18; Lucas 21:23). Ang iba sa kanila'y papatayin sa espada, at ang iba nama'y dadalhing bihag sa ibang mga bansa. At ang Jerusalem ay sasakupin ng mga hindi Judio hanggang sa matapos ang panahong itinakda ng Dios sa kanila. (Lucas 21:24).

13 PANAHOHON NG KAPIGHATIAN NG JACOB

(Jeremiah 30:6-7)
Sapagkat sa mga panahong iyon, makakaranas ang mga tao ng napakatinding kapighatian na hindi pa nararanasan mula nang likhain ang mundo hanggang ngayon, at wala nang mangyayari pang ganoon kahit kailan. Kung hindi paiikliin ng Dios ang panahong iyon, walang matitirang buhay. Ngunit alang-alang sa kanyang mga pinili, paiikliin niya ang panahong iyon. (Mateo 24:21-22; Marcos 13:19-20; Lucas 21:23). Sapagkat panahon na iyon ng pagpaparusa, upang matupad ang nakasaad sa Kasulatan. (Lucas 21:22).

14 BULAANG CRISTO AT BULAANG PROPETA

"Kapag may nagsabi sa inyo, 'Narito ang Cristo!' o 'Naroon siya!' huwag kayong maniniwala. Sapagkat lilitaw ang mga di tunay na Cristo at mga huwad na propeta. Magpapakita sila ng mga himala at kababalaghan upang malinlang, kung maaari, pati ang mga pinili ng Dios. Kaya mag-ingat kayo! Binabalaan ko na kayo habang hindi pa nangyayari ang mga ito." (Mateo 24:23-24; Marcos 13:21-23). "Kaya kung may magsabi sa inyo, 'Naroon ang Cristo sa ilang!' huwag kayong pupunta roon. At kung may magsabing, 'Nariyan siya sa silid!' [a] huwag kayong maniniwala. Sapagkat ako na Anak ng Tao ay babalik na tulad ng kidlat na nagliliwanag mula sa silangan hanggang sa kanluran na makikita ng lahat. (Mateo 24:26-27, Lucas 17:23-24).

15 MGA TANDA SA KALANGITAN

"Subalit sa mga araw na iyon, pagkatapos ng kapighatiang iyon, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at magugulo ang mga kapangyarihan sa kalawakan. (Mateo 24:29; Marcos 13:24-25; Lucas 21:25). "Magkakaroon ng mga palatandaan sa araw, sa buwan, at sa mga bituin. Sa lupa, ang mga bansa ay masisindak at malilito dahil sa ugong at mga daluyong ng dagat. Ang mga tao'y hihimatayin sa takot dahil sa pag-iisip sa mga kapahamakang darating sa sanlibutan sapagkat mayayanig ang mga kapangyarihan sa langit. (Lucas 21:25-26).

16 Pagkatapos, makikita sa langit ang tanda ng aking pagbabalik, at maghihinagpis ang lahat ng tao sa mundo dahil dito. At makikita nila ako na ANAK NG TAO na dumarating na mula sa ulap na taglay ang kapangyarihan at kaluwalhatian. Sa malakas na tunog ng trumpeta ay ipapadala ko ang aking mga anghel sa lahat ng lugar sa mundo upang tipunin ang aking mga pinili." (Mateo 24:30-31, Marcos 13:26-27, Lucas 21:27)



17 Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, umasa kayo at maghintay dahil malapit na ang pagliligtas sa inyo.” (Lucas 21:28).

18 “Unawain ninyo ang aral na ito mula sa puno ng igos: Kapag nagkakahon na ang mga sanga nito, alam ninyong malapit na ang tag-init. Ganoon din naman, kapag nakita ninyong nangyayari na ang lahat ng sinasabi kong ito sa inyo, **malalaman ninyong malapit na akong dumating.** (Mateo 24:32-33; Marcos 13:28-29; Lucas 21:29-31). Tungkol sa araw o oras ng aking pagbabalik, walang nakakaalam nito, kahit ang mga anghel sa langit o ako mismo na Anak ng Dios. Ang Ama lang ang nakakaalam nito. (Mateo 24:36, Marcos 13:32).

19 Kung ano ang mga ginawa ng mga tao noong **kapanahunan ni Noe** ay ganoon din ang gagawin ng mga tao sa pagdating ko na Anak ng Tao. 38 Nang mga araw na iyon, bago bumaha, ang mga tao’y nagsisikain, nag-iinuman, at nagsisipag-asawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa barko. Wala silang kaalam-alam sa mangyayari hanggang sa dumating ang baha at nalunod silang lahat. Ganyan din ang mangyayari sa pagdating ko na Anak ng Tao. (Mateo 24:37-39, Lucas 17:26-27).

20 Ganoon din noong **kapanahunan ni Lot.** Ang mga tao’y nagkakainan, nag-iinuman, nagnenegosyo, nagsasaka at nagtatayo ng mga bahay, hanggang sa araw na umalis si Lot sa Sodom. At pagkatapos, umulan ng apoy at asupre mula sa langit at namatay silang lahat doon sa Sodom. 30 Ganyan din ang mangyayari sa araw ng pagbabalik ko na Anak ng Tao. (Lucas 17:28-30).

21 Alalahanin ninyo ang nangyari sa asawa ni Lot. Sapagkat ang taong naghahangad magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang taong nagnanais mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.



Manood ng ANGEL TV
www.angeltv.org

Sa araw na iyon, kung may dalawang lalaking nagtatrabaho sa bukid; maaaring kukunin ang isa at iiwan ang isa. At kung may dalawang babaeng nagtatrabaho sa gilingan, maaaring kukunin ang isa at iiwan ang isa. (Mateo 24:40-41; Lucas 17:34-36). Tinanong siya ng mga tagasunod niya, “Saan po ito mangyayari, Panginoon?” Sumagot siya sa pamamagitan ng kasabihan, “Kung saan may bangkay, doon nag-uumpukan ang mga uwak.” (Mateo 24:48, Lucas 17:37).

22 MAGING MAPAGMASID AT MAPANALANGININ

Tandaan ninyo ito: kung alam ng isang tao kung anong oras sa gabi darating ang magnanakaw, magbantay siya at hindi niya hahayaang pasukin ng magnanakaw ang kanyang bahay. Kaya maging handa rin kayo, dahil ako na Anak ng Tao ay darating sa oras na hindi ninyo inaasahan.” (Mateo 24:43-44).

23 Kaya mag-ingat kayo at laging magbantay, dahil hindi ninyo alam kung kailan ako darating. (Marcos 13:33).

24 “Kaya mag-ingat kayo na huwag mawili sa kalayawan, sa paglalasing, sa pagkaabala sa inyong kabuhatan, at baka biglang dumating ang araw na iyon nang hindi ninyo inaasahan. Sapagkat darating ang araw na iyon sa lahat ng tao sa buong mundo. (Lucas 21:34-35).

25 Kaya maging handa kayo sa lahat ng oras. Palagi kayong manalangin upang magkaroon kayo ng lakas na mapagtagumpayan ang lahat ng mangyayaring kahirapan, at makatayo kayo sa harap ko na Anak ng Tao nang hindi napapahiya.” (Lucas 21:36)

26 Sinasabi ko sa inyo ang totoo, matutupad ang lahat ng ito bago mawala ang henerasyong ito. Ang langit at ang lupa ay maglalaho, ngunit ang mga salita ko ay mananatili magpakailanman.” (Lucas 21:32-33; Marcos 13:30-31)

Local Contact Address


Nakaupo sa Kanyang trono ng kaluwalhatian, ang Dakilang Hari – ang Panginoong Hesus sa Kanyang dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian kasama ng Kanyang mga Anghel at mga Banal, ay malapit na malapit ng babalik.

Sinabi niya sa isang malakas na tinig: Matakot kayo sa Diyos sapagkat dumating na ang oras ng kaniyang paghuhukom. Magbigay kayo ng papuri sa kaniya. Sambahin ninyo siya na gumawa ng langit at lupa at dagat at bukal ng mga tubig (Pahayag 14:7)

WALA NG MAKAKAPIGIL SA PANAHONG ETO!

Ang kaharian ng langit ay lumalapit na ngayon. Magsisi at Tanggapin etong Ebanghelio.

Humanda sa pagharap sa Panginoon mong Dios!



TAGALOG | PHILIPPINES